LALAWIGAN
NG SAN DIEGO



PROGRAMA NG PANGANGALAGA SA WATERSHED



# Mga Vineyard at Winery

Sinusuportahan ng ***Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng County ng San Diego*** ang mga negosyo sa kanilang mga pagsusumikap upang maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay nitong mahalagang Mga Pinakamagandang Kasanayan sa Pamamahala (Best Management Practices, mga BMP) ng Tubig mula sa Malakas na Buhos ng Ulan (Stormwater).

! HINDI GINAGAMOT ang tubig na pinakakawalan sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa County ng San Diego bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay ipinagbabawal na makaalis sa iyong ari-arian at makapasok sa mga kalsada o mga storm drain. Tubig ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain. ***Makakatulong ang mga payo na ito na partikular sa mga winery na mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig.***

maaari nating
**pangalagaan ang
ating mga daanan
ng tubig**
sa kaunting
hakbang lang.

## Pag-iwas sa Erosyon

- ☐ Magpatupad ng mga BMP na makakaiwas sa pagguho ng lupa at makokontrol ang pagkawala ng sediment. Kasama sa mga BMP ang pagtatanim bilang pantakip o proteksyon sa lupa, paglalagay ng mulch, o paglalagay ng compost upang tulungang mapayabong ang lupa sa mga tigang na lugar o sa mga puwang sa pagitan ng iyong mga pananim. Kasama sa iba pang mga BMP ang paggamit ng mga fiber role, paglalagay ng bakod o harang (silt fencing), pamamahala sa mga tarik, at hagdan-hagdan na pagtatanim.
- ☐ Pamahalaan ang green waste sa pamamagitan ng paggawa ng compost sa site o pangongolekta ng green waste para sa paggawa ng compost.

## Paggamit ng Fertilizer at Pesticide

- ☐ Sundin ang mga instruksyon na nakalagay sa mga label ng produktong fertilizer at pesticide para sa tamang paggamit at pagtapon.
- ☐ Huwag maglagay ng mga pesticide sa oras ng o bago ang mga kaganapan sa panahon kasama ang hangin o ulan na maaaring maging dahilan upang agusin o matangay palayo ang mga pesticide mula sa tina-target na paglalagyan nito.
- ☐ Maglagay ng nitrogen na fertilizer nang maayos, sa panahon ng pagtatanim o pagkatapos mag-ani. Huwag maglagay ng mga fertilizer sa dormant na panahon o sa simula ng tagsibol.
- ☐ Para maiwasan ang polusyon mula sa mga fertilizer, gumamit lang ng sapat na fertilizer gaya ng kinakailangan.

*higit pang mga payo >>>*

***Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO. www.sandiegocounty.gov/awm/awq para sa Kautusan na Pang-agrikultura***







## Pamamahala ng Discharge

- Magpanatili ng mga lugar sa pag-iimbak sa labas at tiyaking nakasara nang mabuti ang mga lalagyan at walang anumang pagtagas. Ilagay ang mga lugar sa pag-iimbak nang malayo sa mga storm drain o mga anyong tubig.
- Subaybayan ang paggamit ng tubig sa mga production area. Gumawa ng sampling area upang matiyak na tama ang pH ng discharge mula sa production bago ito pumasok sa sewer.
- Sundin ang mga pangkalahatang kinakailangan sa pag-discharge ng basura sa buong estado para sa mga winery. Pumili ng paraan ng pagsunod na pinaka-akma sa iyong lugar at sa laki ng winery.
- Dumalo sa mga session para sa pagbibigay ng impormasyon na hino-host ng California Water Boards upang malaman pa ang tungkol sa tamang pagbibigay ng permit at dokumentasyon. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang https://www.waterboards.ca.gov/

**Ang direkta o hindi direktang pagpapakawala ng mga pollutant sa storm drain system o mga daanan ng tubig ay paglabag sa Ordinansa sa Pangangalaga sa Watershed ng County (Watershed Protection Ordinance, WPO).** ***Kinakailangang sumunod ang iyong negosyo sa WPO at sa pinakamababang mga BMP na binanggit sa itaas.***

maaari nating
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig
sa kaunting
hakbang lang.

**salamat** sa paggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.

*Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.*
*www.sandiegocounty.gov/awm/awq para sa Kautusan na Pang-agrikultura*

HUNYO 2022